Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON I

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO.
RELEASED
013112
By: Date: 8/20/21

Tanggapan ng Direktor ng Rehiyon

AUG 20 2021

PANTANGGAPANG MEMORANDUM
Blg. 929, s. 2021

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA AT KASAYSAYAN

Para sa: Hepe ng mga Tanggapan

1. Inaanyayahan ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 1 sa pamumuno ng Dibisyon ng Kurikulum at Pangangasiwa ng Pagkatuto ang pakikilahok sa mga gawaing panapos kaugnay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Kasaysayan.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ***Filipino at Mga Katutubong Wika sa Dekolonosasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino*** bilang pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Narito ang mga iba't –ibang patimplak para sa pagtatapos ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at Kasaysayan:

1. Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS)
2. Paglikha at Pag-awit ng *Jingle*
3. Dihital na Paggawa ng Poster
4. Ganda at Kisig Pinoy (Lakan at Labambini ng Rehiyon Uno)

5. Inaasahan din ang lahat na gamitin ang wikang Filipino sa pakikipag-usap at transaksiyon sa lahat ng opisina ng ating kagawaran simula Lunes (Agosto 23) hanggang sa araw ng panapos ng pagdiriwang (Agosto 31).

6. Hinihingi rin ang lahat ng kawani na magsuot ng kasuotang Pinoy sa araw ng panapos na pagdiriwang.

7. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga panuntunan ng bawat kategorya ng patimpalak para sa inyong kabatiran.

Documan ®
DepEd RO1 LRMDS210107

Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
(072) 607-8137 / 682-2324
region1@deped.gov.ph | Website: www.depedro1.com

AMBISYON NATIN 2040

8. Inaasahan ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

For the Regional Director:

ATTY. RHEA JOY L. CARBONELL
Chief Administrative Officer
Administrative Division
Officer-in-Charge

Kalakip: Gaya ng sinasaad
Sanggunian: : Wala
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

PAMBANSANG PAGDIRIWANG
WIKA
KASAYSAYAN
KWINSENTENARYONG KOMEMORASYON

CLMD/ etg/jps/BuwanNgWikangPambansaAtKasaysayan
Agosto 20, 2021

Kalakip ng Memorandum Pantanggapan Blg. ____, s. 2021

MGA KATEGORYA NG PATIMPALAK PARA SA PANAPOS NA PAGDIRIWANG SA BUWAN NG PAMBANSANG WIKA AT KASAYSAYAN

Tema: Filipino at mga Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino

Kategorya	**Oras na Inilaan**	**Bilang ng Kalahok**
SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS)	5 minuto na pagtatanghal	1
PAGLIKHA AT PAG-AWIT NG *JINGLE*	(3) minuto na pagtatanghal	1
DIHITAL NA PAGGAWA NG POSTER	4 na oras	1
GANDA AT KISIG FILIPINO	3-5 minutong pagrarampa gamit ang kasuotang Pinoy	1 para sa Lakan (lalake) 1 para sa Lakambini (babae)

PALIGSAHAN	**SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS)**	
BILANG NG KALAHOK	Isang (1) kinatawan mula bawat Tanggapan /FD	
ORAS NA INILAAN	5 minutong pagganap/pagbigkas sa sariling likhang tula	
BATAYAN NG KAPASYAHAN	**Pamantayan**	**Bahagdan**
PAGSULAT		**50%**
	Interpretasyon ng Tula	
	Kaugnayan sa paksa (25%)	
	Organisasyon ng diwa (15%)	
	Mekaniks (10%) *(Apat (4) na saknong na binubuo* *ng apat (4) na malayang taludtoran*	

PAGBASA		**50%**
	Hikayat	
	Dating sa Madla (5%)	
	Kilos/galaw/kumpas (10%)	
	Ekspresyon ng mukha (10%)	
	Tinig at Bigkas	
	Lakas/ Diin/ Taginting (10%)	
	Matatas at maliwanag (10%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Kabuoan	**100%**

I. Patnubay sa Kalahok

a) Ang tulang isusulat ay naayon sa tema ;
b) Bubuoin ito ng (*Apat (4) na saknong sa apat (4) na malayang taludtoran;*
c) Ang bawat kalahok ay bibigyan nang di lalampas sa limang (5 minutong pagganap /pagbigkas sa sariling likhang tula;
d) Ipapasa ang pyesa kasama ang video ng pagganap o pagbigkas sa nilikhang tula sa tanggapan ng CLMD nang di huhuli sa 26 Agosto 2021 para sa inisyal na pagpili ng tatlong (3) magtatanghal sa araw ng panapos na pagdiriwang;
e) Pipiliin mula sa tatlong (3) napiling pinakamahusay na kalahok ang kampeon, ikalawa at ikatlong gantimpala; at
f) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

PALIGSAHAN	**DIHITAL NA PAGGAWA NG POSTER**	
BILANG NG KALAHOK	Isang (1) kinatawan bawat Tanggapan/FD.	
ORAS NA INILAAN	4 na oras (gamit ang laptop)	
BATAYAN NG KAPASYAHAN	**Pamantayan**	**Bahagdan**
Nilalaman		**30%**
	Ugnayan ng mga konsepto; Kaangkopan sa tema	15% 15%
Pagka-orihinal		**25%**
	Walang bahid ng pangongopya	
Pagkamalikhain		**25%**
	Tamang paggamit ng simbolismo, kulay sa pagpapahayag ng konsepto	
Dating sa madla	Dami ng ***likes*** at ***shares*** sa Facebook	**20%**

	Kabuoan	**100%**

II. Patnubay sa Kalahok

a. Ang Dihital na Paggawa ng Poster ay gaganapin sa Learning Resource Management Center sa 26 Agosto 2021 sa ganap na 8:00 N.U. hanggang 12:01 N.H.

b. Ang mga itinakda lamang ng taga-organisa ang gagamtin sa patimpalak gaya ng:

1. Laptop
2. Latag at Disenyo : Sukat ng papel A4, Patayo (Portrait) at Walang margin

c. Ipapasa ang entri sa taga-organisa.

d. I-upload ng taga-organisa ang lahat ng entri sa opisyal na Facebook Page ng Rehiyon 1 para sa paramihan ng *likes* at *shares*.

PALIGSAHAN	**GANDA AT KISIG PINOY**	
BILANG NG KALAHOK	Isang (1) kinatawan bawat Tanggapan/FD	
ORAS NA INILAAN	Tatlo hanggang limang (3-5) minutong pagrarampa suot ang Kasuotang Pinoy.	
BATAYAN NG KAPASYAHAN	**Pamantayan**	**Bahagdan**
Kasuotan		**50%**
	Awtentiko Angkop sa kulturang Filipino	25% 25% 1
D Tindig at Pagdadala		**20%**
Pagka-makabayan		**20%**
	Pagbabatid ng Mensahe sa Manonood Ipinakitang galing bilang Filipino	15% 15%
Dating sa manonood		**10%**
	Kabuoan	**100%**

III. Patnubay sa Kalahok

a. Inaasahan na may isang lakan at lakambini ang bawat tanggapan.

b. Ang mga kalahok ay rarampa at magpapakitang gilas a harap ng Building 1 ng DEPED R1 sa 26 Agosto 2021.

c. Ang bawat kalahok ay dapat maghanda ng 1 minutong impruntong mensahe na magpapabatid ng pagka-Filipino at pagka-makabayan (maaaring tungkol sa kanyang kasuotan, asal at disposisyon bilang isang empleado)

d. Filipiniana ang inaasahang kasuotan sa patimpalak.

e. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi na maaring mabago.

PALIGSAHAN	**PAGLIKHA AT PAG-AWIT NG *JINGLE***	
BILANG NG KALAHOK	Isang (1) kinatawan bawat Tanggapan/FD	
ORAS NA INILAAN	na oras (gamit ang laptop)	
BBATAYAN NG KAPASYAHAN	**Pamantayan**	**Bahagdan**
Nilalaman/Liriko		**25%**
	Kaangkopan sa tema	
Pagkamalikhain		**25%**
	Ugnayan ng mga konsepto; Sariling likha Tamang paggamit ng simbolismo at salita	15% 5 % 5%
Musikalidad/ Pagtatanghal		**50%**
	Kalidad ng boses Prodyeksyon	25% 25%

IV. Patnubay sa Kalahok

a) Ang kalahok ay lilikha ng Jingle na naayon sa tema ;
b) Ang bawat kalahok ay magtatanghal nang di lalampas sa tatlong (3) minutong ;
c) Ipapasa ang pyesa kasama ang video ng pagganap o pag-awit sa 26 Agosto 2021 para sa inisyal na pagpili ng tatlong (3) magtatanghal sa araw ng panapos na pagdiriwang;
d) Pipiliin mula sa tatlong (3) napiling pinakamahusay na kalahok ang kampeon, ikalawa at ikatlong gantimpala; at
e.) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.